

# 19　Judiciary Scrivener



Maraming alam ang judiciary scrivener tungkol sa batas. Sila ang representante ng kompanya o indibidwal at tagagawa ng mga papeles na ipapasa sa korte o Legal Affairs Office. Sila rin nag-aasikaso ng pagpaparehistro ng business o real estate. Gumagawa ng mga papeles na kailangang isumite sa Ministry of Justice. Maaring silang hingian ng payo ng kliyente tungkol sa ari-arian, asunto at litigasyon.

Maraming dayuhan ang naninirahan sa prefecturang ito. Para sa mga dayuhang may problema sa batas, malaking tulong ang isang judiciary scriver na nakakapagsalita ng kanilang sariling wika dahil ang presensya nila ay nagbibigay ng lakas ng loob sa dayuhan.

## Para maging isang judiciary scrivener




**＜Maagang preparasyon＞**

Mahirap ang pagsusulit ng judiciary scrivener. Para makapasok sa university o junior colleges at pag-aralan ang mga technological terms tungkol sa batas, Kinakailangan ang talino at mataas na antas ng kaalaman sa Japanese language. Pagbutihin ang pag-aaral ng Nihongo at iba pang subjects sa paaralan, ganun din ang paghahasa ng sariling salita.

**＜kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho＞**

Maaring magtrabaho sa legal department ng isang kompanya at sa opisina ng judiciary scrivener. Mayroon ding mga tao na pagkatapos magkaroon ng karanasang magtrabaho sa opisina ng judiciary scrivener ay nagtatayo ng kanilang sariling opisina. Ang average na suweldo ay 8,500,000 yen kada taon at depende sa galing ng isang tao, maaring itong umabot sa mahigit 10 milyon yen.

**＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞**

Sa mga national universities, aabutin mahigit ng 2,400,000 yen (4 taon), private universities mahigit 4,000,000 yen (4 taon). Sa Junior College aabutin ng mahigit 1,800,000 yen (2 taon ) ang gagastusin. Sa Vocational School aabutin ng mahigit 2,000,000 yen (2 taon). At kung distance learning education at short course program, aabutin ng mahigit 400,000 yen ang aabutin.